

Mimitaro

Tagalog タガログ語版 ☆Blg.124 Hulyo, 2017

SIA Volunteer Group "Mimitaro"

Piazza Omi 2nd Flr. 1-1-20 Nionohama, Otsu City

Tel/Fax : 077-523-5646

E-mail : mimitaro@s-i-a.or.jp

URL : <http://www.s-i-a.or.jp>f : <https://www.facebook.com/siabiwako>

Ang Aming Silid-aralan

Sa pagkakataong ito, binisita ng Mimitaro sa lungsod ng Konan ang "Camiyando", kung saan nagtitipon ang mga mag-aaral ng Nihongo.



G. Shigeyoshi

Kise: May isang taon na mula nang mabuo ang "Camiyando" na naitatag sa pangunguna ng

mga taong nais na mag-aral. Ang naging udyok sa pagsisimula nito ay nang sina Bb. Imai na ipinanganak at lumaki sa Brazil at ang Japanese Brazilian na si Bb.Yano ay magsadya sa aming dating opisina sa Koka/Konan Jinken Center upang kumonsulta. Tinanong nila kung posibleng magkaroon ng isang panggabing junior high school kung saan sila ay maaaring makapag-aral gamit ang salitang Hapon. Dahilan sa ito ay hindi agad maisasakatuparan, ipinayo ko sa kanila na sila mismo ay maaaring bumuo ng isang grupo sa pag-aaral, na siyang naging simula ng Camiyando. Sa kasalukuyan, may 20 estudyante ang nag-aaral dito nang 2 beses sa isang linggo. Ang isa ay klase sa Nihongo sa pagtuturo ni Bb. Chieko Okumura, isang kwalipikadong guro ng wikang Hapon. Ang isa pang klase ay nasa pamamahala ng isang dating guro sa mataas na paaralan na si G.Tsutomu Yamamura, kung saan nakatuon ang leksiyon sa pagbabasa ng diyaryo na pang-elementarya ang antas at pagtalakay ukol sa isang paksa.

Mayroong mga nagsasadya dito pagkatapos ng kanilang trabaho, may mga estudyante, at may mga pamilya din na kasama ang lahat ng miyembro nito. Matutunghayan rin ang mga nakapagpapasiglang tanawin na tulad ng paggabay ng isang anak sa pag-aaral ng kanyang magulang. Kamakailan lamang, naglaan din kami ng klase para sa mga panimulang baitang. Dito ay walang natatanging kurikulum at ang lahat ay malayang nagmumungkahi ng nais nilang matutunan. Tinutulungan lamang namin sila sa kanilang pag-aaral. Maraming mga taong may taglay na kaalaman subalit hindi maipahayag ang kanilang iniisip. Aming itinatama ang paggamit ng sobrang magalang na mga salita at ang paraan ng pagpapahayag na wala sa ayos: "Hindi ginagamit ng mga Hapon ang salitang iyan!" Sa kabila ng panirahan sa Japan, bihirang magkaroon ng pagkakataong makipag-usap sa mga Hapon ang lahat sa dahilang sila ay naghahanap-buhay sa araw-araw. Hinahangad naming ang Camiyando ay maging isang lugar na kung saan matututunan ang karaniwang Nihongo sa isang karaniwang kapaligiran.

Bb. Makiko Imai: Mula noong ako ay bata pa, Nihongo ang gamit namin sa pag-uusap ng aking pamilya sa araw-araw. Dahil dito, hindi ako nahirapan sa simpleng pakikipag-usap mula pa noong ako ay unang dumating sa Japan. Subalit sa aking pamumuhay dito, unti-unti kong naramdaman ang kakulangan ng aking bokabularyo, ang kahirapan ng pagpapahayag ng sariling saloobin, at ang bahagyang kaibahan ng ibig sabihin ng mga salita, kaya't lagi kong hinangad na magkaroon ng pagkakataong matuto ng Nihongo.

Maraming mga dayuhan ang naninirahan sa Japan na may

palagay na sa kanilang pamumuhay na okupado sa maraming gawain, sapat na ang pagkakaroon ng isang mabuting kalagayan sa kasalukuyan. Subalit ano kaya ang plano nila para sa kanilang kinabukasan at sa kanilang pamilya? Halimbawa, ano ang kanilang gagawing pakikitungo nang walang interpreter, kung ang kanilang anak ay mag-asawa ng Hapon at magkaroon ng sarili nilang pamilya. Sa pamumuhay nang matagal sa isang lugar, kinakailangang malampasan ang pagiging sagabal ng wika (*language barrier*) upang maharap ang iba't-ibang suliranin. Kakailanganing magkaroon ng antas sa Nihongo na makakaunawa at makakagamit ng mga impormasyong kailangan sa pamumuhay. Mainam sanang matuto ng pangunahing mga kaalaman sa paaralan tulad ng mga Hapon, subalit sa pagkakaroon ng limitasyon na tulad ng edad, ito ay magiging mahirap sa umiiral na sitwasyon. Sana ay magkaroon ng isang panggabing junior high school sa Shiga kung saan maaari muling makapag-aral. Sa aming pagtatagpo nila Kise sensei, Bb. Yano at ng iba pang mga kasamahan, naitatag ang "Camiyando", na isang paghamon sa muling pag-aaral tungo sa pag-asa. Sa hinaharap, nais kong maging isang lola na maaaring makitungo sa aking mga apo na gamit ang wastong wikang Hapon.

Bb. Walkiria Yano: May 20 taon na mula nang ako ay dumating sa Japan subalit mula pa noon, wala akong interes sa pag-aaral ng Nihongo. Sa wakas, nakapagsimula akong mag-aral may 4 na taon na ang nakakalipas nang hindi ako nakapagtrabaho dahil sa isang pinsalang aking tinamo. Naging masaya ang pag-aaral at mabilis akong natuto ng pagsasalita. Sa kasalukuyan, ako ay nagtatrabaho bilang isang interpreter. Nababahala ako sa maraming mga kabataan na nagtatapos sa mga paaralan dito sa Japan sa kabila ng kakulangan sa pag-aaral. Ang kakayahan sa sarili nilang wika at sa salitang Hapon ay hindi sapat at sila ay nagkaka-edad nang walang taglay na ganap na kaalaman. Sa pamumuhay sa lipunan, tiyak na darating ang panahon na nanaisin nilang muli ang mag-aral. Sa ganitong pagkakataon, sana ay may isang lugar na maaaring makapag-aral na muli ano mang oras.

G. Robson Oshio: Ako ay 16 na taong gulang nang kami ng aking pamilya ay dumating dito may 25 taon na ang nakakaraan. Hindi ako nag-aral ng Nihongo dahil ito ay mahirap para sa akin, subalit nabalitaan kong may isang lugar na kumportableng makapag-aaral kaya't ako ay lumahok dito. Maraming tulad ko na nais na makapagsalita ng Hapon subalit dahil sa kahirapan nito, nilagyan nila ng harang ang kanilang mga sarili. Mababait ang mga guro at mag-aaral dito, at habang unti-unting natututo, nagiging natural ang pakikipag-usap. Dahil sa ako ay nakapagsalita na, ang mga kaibigan kong Hapon sa trabaho ay natutuwa rin at ako ay kinakausap nila ukol sa iba't-ibang bagay. Nais kong makipag-kuwentuhan sa kanila kapag ako ay naging mas magaling pa. Sana'y lumaganap pa ang mga lugar para sa pag-aaral na katulad ng Camiyando.





Kung mayroon kang problema...



Interpretasyon * Pagsangguni para sa mga Dayuhan sa Shiga

Lugar	Tanggapan	Wika	Araw/Oras ng Pagsangguni	Tel. / Iba pa
Otsu	Munisipyo (Kokusai Koryu-shitsu)	Portuges, Kastila, Ingles, Intsik, Koreano, atbp.	Lun~Biy 8:40 am~5:25 pm	email: otsu1023@city.otsu.lg.jp FAX: 077-525-8755
	Otsu Int'l. Goodwill Association (Otsu-shi Kokusai Shinzen Kyokai)	Nihongo (Magsama ng interpreter)	Ika-2 Miy 5:30 pm~7:30 pm (Kailangan ng appointment)	077-525-4711
Hikone	Munisipyo (Sogo-annai)	Portuges	Una, ika-3 Huw 8:30 am~7:00 pm Lun ~Biy (Maliban sa nasa itaas) 8:30 am~5:15 pm	0749-30-6113
		Ingles	Lun ~ Biy 8:30 am~5:15 pm	
		Intsik	Mar , Biy 8:30 am~5:15 pm	
Nagahama	Munisipyo (Shimin-ka)	Portuges	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	0749-65-8711
		Kastila	Lun, Mar , Biy 8:30 am~3:30 pm	
		Ingles	Lun , Miy ,Biy 9:00 am~4:00 pm	
	Nagahama Int'l. Friendship Assn. (Nagahama Shimin Kokusai Koryu Kyokai)	Portuges	Mar 10:00 am~5:00 pm Miy, Sab 1:00 pm~5:00 pm	0749-63-4400
Ingles	Mar , Miy , Biy , Sab , Lin 10:00 am~7:00 pm			
Omiachiman	Munisipyo (lobby)	Portuges, Ingles	Lun ~Biy 9:15 am~4:30 pm	0748-26-7092
Kusatsu	Kusatsu Int'l. Friendship Assn. (Kusatsu-shi Kokusai Koryu Kyokai)	Portuges	Ika-2, ika-4 Huw 9:00 am~11:00 am	077-561-2322
		Ingles	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	
	Munisipyo (Shimin-ka)	Intsik	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	077-561-2344
Moriyama	Munisipyo (Sodan-shitsu)	Portuges (Makipag-ugnayan para sa ibang wika).	Una, ika-3 Huw 9:30~11:30 am	077-583-4653
Ritto	Ritto Int'l. Friendship Association (Ritto Kokusai Koryu Kyokai)	Portuges	Miy 1:00 pm~5:00 pm	077-551-0293
Koka	Munisipyo (Seikatsu Kankyo-ka)	Portuges, Kastila	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	0748-69-2146
	(Shakai Fukushi-ka)	Portuges		0748-69-2155
	Chiiki Community Suishin-ka	Ingles		0748-69-2114
Yasu	Yasu International Association (Yasu-shi Kokusai Kyokai)	Ingles, Kastila	Lun ~Biy 9:00 am~5:00 pm	077-586-3106
		Portuges, Intsik	Iregular (Kailangan ng appointment)	
Konan	Higashi Chosha	Portuges	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	0748-72-1290
	Nishi Chosha (Jinken Kyoiku Keihatsu-shitsu)	Portuges	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	0748-77-8511
	Konan International Association (Konan-shi Kokusai Kyokai)	Portuges	Lun ~Biy 8:30 am~5:00 pm	0748-71-4332
Takashima	Takashima International Assn. (Takashima-shi Kokusai Kyokai)	Ingles	Iregular (Kailangan ng appointment)	0740-20-1180
Higashiomi	Munisipyo (Shinkan) Shimin Seikatsu Sodan-shitsu	Portuges	Lun ~Biy 9:15 am~12:00 pm 1:00 pm~4:30 pm	0748-24-5521
Maibara	Santo Chosha (Santo Jichi Shinko-ka)	Portuges	Lun ~Biy 8:30 am~5:15 pm	0749-55-2650
	Maibara Multicultural Friendship Assn. (Maibara-shi Tabunka Kyosei Kyokai)	Portuges	Mar ~Biy 1:15 pm~5:15 pm	0749-56-0577
	Intsik	Lun ~Huw 9:00 am~3:00 pm		
Hino	Munisipyo (Jumin-ka)	Portuges	Lun, Miy, Huw 8:30 am~5:15 pm	0748-52-6571
Aisho	Echigawa Chosha Jumin-ka · Sogo seisaku-ka	Portuges	Lun ~Miy , Biy 9:00 am~5:15 pm	0749-42-7684
		Kastila, Ingles	Lun , Mar , Huw , Biy 8:30 am~5:15 pm	
Shiga	Shiga Intercultural Assn. for Globalization (Shiga-ken Kokusai Kyokai)	Portuges, Kastila	Lun ~Biy	10:00 am~5:00 pm
		Tagalog, Ingles	Lun ~Huw	

Mga Silid-aralan ng Nihongo sa Shiga



Purok	Pangalan ng Samahan	Telepono	Araw at Oras	Lugar	
Otsu	Otsu International Goodwill Association Nihongo Kyoshitsu	077-525-4711	Biy 1:00~2:45 pm, 7:00~8:45 pm	Asuto Hamaotsu 2F	
			Biy 7:00~8:45 pm	Seta Shimin Center	
			Biy 7:00~8:45 pm	Seta-higashi Shimin Center	
			Huw 10:00~11:45 am	Katata Shimin Center	
	Nihongo no kai	090-6609-3191	Huw 10:00 am~12:00 pm	Otsu Kominkan	
Omi Nihongo Fureai Club	077-523-1061	Lun 10:30 am~12:00 pm	Piazza Ohmi 2F		
		Sab 7:30~9:10 pm	Seta-kita Kominkan		
Hikone	Hikone International Assn. Nihongo Kyoshitsu	0749-22-5931	Miy 7:00~8:30 pm (Marso~Nob.)	Hikone Shimin Kaikan 2F	
	Hikone Nihongo Kyoshi-kai WAJT	0749-23-7833	Ika-2 Sab 10:00 am~12:00 pm	AI Plaza Hikone 6F	
	Nihongo Kyoshitsu Smile	0749-24-7241	Lin 10:00~11:30 am	Hikone Nishi-chiku Kominkan	
		070-5661-7345	Lun~Biy ① 10:00 am~11:30 am ② 1:30~3:00 pm ③ 3:30~5:00 pm	Innovation Office Nayashichi	
Hikone Kokusai Koryukai VOICE Nihongo Kyoshitsu	0749-46-1294 090-7718-5250	Sab 2:00~4:00 pm	Hikone Naka-chiku Kominkan		
Nagahama	Nagahama UNESCO Kyokai Nihongo Kyoshitsu	0749-65-6552	Miy, Sab 7:00~8:30 pm	Kokusai Bunka Koryu House GEO	
	Tanoshii Nihongo	0749-63-4400	Mar 7:00~8:30 pm		
Omi-hachiman	Nihongo Koryu Kyoshitsu Tampopo	Kaneda Kyoshitsu Azuchi Kyoshitsu Kitasato Kyoshitsu	0748-26-7092	Sab 7:00~9:00 pm	Kaneda Community Center
				Lin 7:00~9:00 pm	Azuchi Community Center
				Lin 7:00~9:00 pm	Kitasato Community Center
Kusatsu	Olive	077-565-9215	Sab 7:00~8:40 pm	Kusatsu-shiritsu Machizukuri Ctr.	
	SHIPS Nihongo Kyoshitsu	077-561-5110	Miy, Biy 10:30 am~12:00 pm	Tabunka Kyosei Shien Center	
	Kusatsu Int'l. Friendship Association	Nihongo Kyoshitsu Kizuna Yasashii Nihongo Salon	077-561-2322	Sab 10:20 am~12:00 pm	Ritsumeikan Univ. BKC
				Mar Ika-3 Biy 10:00 am~12:00 pm 6:30~8:00 pm	Kusatsu Shimin Koryu Plaza UDCBK
Moriyama	Moriyama Nihongo Kyoshitsu	077-583-4653	Una, Ika-3 Sab 10:00~11:50 am	Moriyama Shimin Koryu Center	
Ritto	RIFA Nihongo Kyoshitsu	077-551-0293	Ika-2, Ika-4 Sab 10:15~11:45 am	Wing Plaza 3F	
Koka	Koka Int'l. Exch. Assn.	Nagomi Niji	0748-63-8728	Sab 7:30~9:30 pm	Minakuchi Chuo Kominkan
				Lun 2:00~4:00 pm	Jishu Katsudo Center Kizuna
Yasu	YIFA Nihongo Kyoshitsu	077-586-3106	* Makipag-ugnayan sa guro.	Yasu Int'l. Association (opisina)	
Konan	Konan Int'l. Association Nihongo Kyoshitsu	0748-71-4332	(araw) Makipag-ugnayan sa guro.	Chuo Machizukuri Center	
			(gabi) Sab 7:00~8:30 pm	Mito Machizukuri Center	
	Camiyando	090-1338-3350	Lun, Miy 7:00~9:00 pm	ERUDI	
Takashima	Takashima Int'l. Association Nihongo Kyoshitsu	0740-20-1180	* Makipag-ugnayan sa guro.		
Higashiomi	Yokaichi Nihongo Kyoshitsu Volunteer Group	0748-22-6714	Lin 1:30~3:00 pm	Higashiomi International Friendship Association	
			Mar 10:00~11:30 am		
			Sab 7:00~8:30 pm		
	Clube Da Amizade	090-2193-2006	Sab 7:00~8:30 pm	Notogawa Community Center	
Maibara	Maibara-shi Nihongo Kyoshitsu	0749-56-0577	Sab 9:00~10:30 am	Maibara Kominkan	
			Sab 9:30~11:00 am	Maibara Shimin Koryu Plaza, Santo Kominkan	
Aisho	Aisho-cho Nihongo Kyoshitsu	0749-42-7684	Lun 10:00~11:30 am	Echigawa-chosha	
	Aisho Int'l. Friendship Assn. Volunteer Nihongo Kyoshitsu	070-5593-1769	Mar~Lin * Makipag-ugnayan sa guro	Echigawa Kominkan	

Event Information



◆ Higashiomi Dragon Canoe Competition 7/16 (Linggo)

Notogawa Water Mill & Canoe Land (1269 Iba-cho, Higashiomi City)
Karera sa pagsagwan ng mga "dragon canoe" na nagmula sa Tsina noong unang panahon.

Info Higashiomi City Sports Dept. Tel. 0748-24-5674

◆ Shigaraki Fire Festival 7/22 (Sabado)

Sa paligid ng Shimin Center ng Shigaraki (Nagano, Shigaraki-cho, Koka City)
Mayroong halos 700 sisindihang sulo, pagtatanghal sa pagtugtog ng tambol (Shigaraki drum), at fireworks display.

Info Touto • Shigaraki Matsuri Executive Committee, Hi-matsuri Secretariat Tel. 0748-82-0873

◆ Birdman Rally 7/29 (Sabado), 7/30 (Linggo)

(Matsubara Beach, Hikone City)

Paligsahan sa pagpapalipad ng nilikhang mga eroplanong may natatanging disenyo.

Info Hikone Sightseeing Association Tel. 0749-23-0001

◆ Taga-taisha Manto-sai (Lantern Festival) 8/3 (Huwebes) hanggang 8/5 (Sabado)

Taga-taisha (604 Taga, Taga-cho, Inukami-gun)
Umaabot sa sampung libo ang bilang ng inilawang mga parol. May pagtatanghal na tulad ng Sarugaku at Taga-ondo.

Info Taga Sightseeing Association Tel. 0749-48-1553

◆ Makino Summer Carnival 2017 8/5 (Sabado)

Makino Sunny Beach Takagi-hama (Makino-cho, Takashima City)
Mayroong mga palabas sa entablado, fireworks display.

Info Makino Tourism Office Tel. 0740-28-8002

◆ Senkousai Festival 8/17 (Huwebes)

Takebe-taisha • sa paligid ng tulay ng Karahashi sa Seta (1-16-1 Jinryo, Otsu City)
Ang mga bangkang may lulan ng mga portable shrine ay tatawid sa ilog ng Seta. May gaganaping fireworks display.

Info Takebe-taisha Tel. 077-545-0038

◆ Injyo-ji Manto Kuyo (Memorial Service) 8/22 (Martes)

(312 Kamiyama-cho, Higashiomi City)

Iilawan ang may 5 libong mga batong imahen ng Buddha. Mayroong bazar at iba pang atraksyon.

Info Injyo-ji (temple) Tel. 0749-46-1285

◆ Hachimanbori Festival ~Town and Illumination~ 10/7 (Sabado), 10/8 (Linggo)

Hachimanbori (sa paligid ng Miyauchi-cho, Omihachiman City)
Ang mga kalye ay bibigyang-liwanag ng may 3 libong mga ilaw. May mga eksibisyon, concert, at iba pa.

Info Omihachiman Tourism Association Tel. 0748-32-7003



★★★ Fireworks Display ★★★



◆ Hikone • North Biwako Fireworks Display

8/1 (Martes) Matsubara Beach

Info Hikone Sightseeing Association Tel. 0749-23-0001

◆ Nagahama • North Biwako Fireworks Display

8/4 (Biyernes) Nagahama Bay area

Info Nagahama Tourism Promotion Section Tel. 0749-65-6521

◆ Biwako Fireworks Display 8/8 (Martes) Otsu Port

Info Biwako Fireworks Display Exec. Comm. Tel. 077-511-1530



★★★ Balitang Mimitaro ★★★



◆ Pagsusulit para sa Katunayan ng Pagtatapos sa Junior High School (Chugakko sotsugyo teido nintai shiken) ★

Panahon ng aplikasyon: 8/21 (Lunes)~9/8 (Biyernes)

Araw ng pagsusulit: 10/26 (Huwebes)

Info Shiga Pref. Board of Education Secretariat

Pre-school, Elem. & Jr. High School Div. Tel. 077-528-4665

◆ Ika-2 Pagsusulit para sa Katunayan ng Pagtatapos sa Sr. High School (Kotogakko sotsugyo teido nintai shiken) ★

Panahon ng aplikasyon: 8/31 (Huwebes)~9/14 (Huwebes)

Araw ng pagsusulit: 11/11 (Sabado) • 11/12 (Linggo)

Info Shiga Pref. Board of Education Secretariat

Senior High School Division Tel. 077-528-4571

★★★ Impormasyon mula sa SIA ★★★

Info Shiga Intercultural Association for Globalization
e-mail: siamail@mx.bw.dream.jp
Tel. 077-526-0931 Fax 077-510-0601

◆ "Career Fair"

Para sa mga Estudyanteng may Dayuhang Pinagmulan

Malawakang pagsuporta sa pagpili ng kurso para sa mga estudyanteng may dayuhang pinagmulan. Magkasamang gaganapin sa taong ito ang "Patnubay sa Pagpili ng Kurso" at "Pakikipagtalakayan sa mga Propesyonal".

- Petsa / araw: 7/30 (Linggo) 1:00 pm~4:30 pm
- Lugar: "G-net Shiga" (80-4 Takakai-cho, Omihachiman City)
- Maaaring lumahok: Mga estudyanteng may dayuhang pinagmulan (mula grade 5 hanggang sr. high school) at ang kanilang magulang, atbp.
- Bayad sa paglahok: Libre • May mga interpreter
- Bilang ng lalahok: Mahigit-kumulang sa 80 katao
- Aplikasyon: Hanggang 7/21 (Biyernes)
(Makipag-alam kay Bb. Omori.)



◆ "Eksibisyon ng mga Dayuhang Artist" Nangangailangan ng mga Dayuhang Artist!

Nais mo bang itanghal sa isang eksibisyon ang iyong mga gawain sa sining na tulad ng ipininta o iginuhit na mga larawan, iskultura, handicraft, o mga kinunang litrato?

- Panahon ng eksibisyon: Humigit-kumulang na 2 linggo
Mula 11/12 (Linggo) hanggang 11/27 (Lunes)
- Lugar: Piazza Omi 1st floor lobby (1-1-20 Nionohama, Otsu City)
- Aplikasyon: Hanggang sa katapusan ng Agosto
(Makipag-alam kay G. Kakimachi)

